## Wika:

Nagsusumikap kaming magsalin sa lahat ng wika, kabilang ang sign language.

Nakikipagtulungan kami sa mga tagapagsalin sa wika para sa layuning ito.

## Impormasyon tungkol sa mga harang sa pag-access:

Ang access sa silid ng konsultasyon ay walang harang. Mayroong accessible na elevator at isang barrier-free na banyo. Sa kasamaang palad, walang mga pasilidad para sa mga bulag o may kapansanan sa paningin.

**Para makatanggap ng pinansyal na suporta, magsumite ng aplikasyon. Ito ay maaaring isumite sa iba-ibang wika:**

**https://www.amadeu-antonio-stiftung.de/antragsformular**

## Pag-abot sa amin:

Mangyaring makipag-ugnayan sa amin – sa pamamagitan ng E-Mail o telepono. Aayusin namin ang iyong appointment para sa konsultasyon at susuportahan ka sa mga susunod na proseso o hakbang. Ang konsultasyon ay maaaring sa telepono, online o nang personal sa aming silid pang-konsultasyon.

Telepono: 0151. 4204 3648 / 01525. 3087169

E-mail:
berlin-gegen-hassgewalt@amadeu-antonio-stiftung.de

Kami ay maaaring tawagan mula Lunes hanggang Huwebes mula 11am hanggang 4pm.

**www.berlin-gegen-hassgewalt.de**

BERLIN GEGEN GEWALT
Landeskommission Berlin gegen Gewalt

AMADEU ANTONIO STIFTUNG

Filipino




# AGARANG TULONG PINANSYAL SA MGA BIKTIMA NG HATE VIOLENCE:

**Kakampi, malaya, kumpidensyal**

SOFORTHILFEFONDS FÜR BETROFFENE
BERLIN GEGEN HASSGEWALT

## Tungkol sa amin:

Sa Berlin halos araw-araw nakalantad sa hate violence ang mga tao, mga inisyatibo o mga institusyon. Sa Soforthilfefonds (Pondo para sa agarang tulong) nag-aalok ng suporta ng pakikipagkaisa ang Amadeu Antonio Stiftung sa pamamagitan ng agarang tulong pinansyal sa mga biktima ng hate violence. Ang pondo ay sinusuportahan ng Unterstützungsfonds der Landeskommission Berlin gegen Gewalt (Pondong Pangsuporta ng Komisyon ng Estado ng Berlin laban sa Karahasan).

### Ang hate violence ay...

Mga pananakot, insulto, pisikal na pag-atake, pinsala sa ari-arian:

... udlok ng mga hindi makataong saloobin tulad ng ableism (diskriminasyon laban sa mga may kapansanan), anti-feminism, anti-Semitism, poot sa Sint*ezza at Roma, racism, anti-LGBTI* sentiment, poot sa mga walang tirahan, atbp.

... nakadirekta laban sa pangako ng mga tao sa mga prinsipyo ng demokratiko at karapatang pantao.

## Ang aming suporta:

- Agarang tulong pinansyal na hanggang 1000 Euro bawat indibidwal na kaso
- Konsultasyon sa pagsusumite ng aplikasyon (telepono, online o nang personal at maaaring anonymous o hindi nagpapakilala kapag hiniling)
- Maaaring mag-aplay ang mga indibidwal
- Maaaring mag-aplay ang mga institusyon, partidong pampulitika, asosasyon o inisyatibo na nakabase sa Berlin. Ang aplikasyon ay isusumite ng isang indibidwal na nagtatrabaho sa kani-kanilang opisina nang opisyal o boluntaryo.





## Saklaw ng mga gastos sa mga halimbawa:

- Pag-aayos ng pinsala sa mga ari-arian
- Medikal na paggamot
- Sikolohikal na pag-aalaga
- Legal na mga gastusin
- Mga kursong pang-empowerment at pagtatanggol sa sarili
- Mga hakbang para sa seguridad

**Nakatira ka ba sa Berlin at inatake o binantaan ka ba dahil sa mga hindi makataong dahilan tulad ng racism, anti-Semitiko, at anti-LGBTI*?**

**Ikaw ba ay naging target ng karahasan sa pagkapoot o hate violence dahil sa iyong pangako sa mga prinsipyo ng demokratiko at karapatang pantao?**

**Nagresulta ba sa mga gastusin ang pag-atake o pagbabanta?**

Masaya kaming sumuporta sa iyo. Magsumite ka lamang sa amin ng aplikasyon para sa pinansyal na suporta, dahil walang sinuman ang nararapat mag-isa sa ganitong mga gastusin!

- Pinansyal na suporta sa mga kaso ng hate violence at mga pagbabanta
- Libreng konsultasyon sa pagsusumite ng aplikasyon
- **Kakampi:** Nakikiisa kami sa mga biktima
- **Kumpidensyal**: Ang mga impormasyon ay hindi ipinapamahagi sa iba o mga ikatlong partido
- **Malaya** sa pagtatasa ng pulisya at hustisya